

**PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE**  
**News and Information Bureau**

**INTERVIEW WITH PRESIDENTIAL SPOKESPERSON HARRY ROQUE**  
**BY ARNOLD CLAVIO -- UNANG HIRIT/GMA7**  
**May 25, 2020 (7:01 A.M. - 7:06 A.M.)**

**CLAVIO:** ... ilang buwan na rin po silang nasa quarantine facility?

**ROQUE:** Binigyan lang po kanina ng ating Presidente, mga ala-una y media ngayong umaga, ng isang linggo ang lahat po ng awtoridad -- ang DOLE, ang OWWA at DOH -- para po mapauwi ang 24,000 na mga OFWs na nasa iba't ibang hotel at lumulutang-lutang sa Manila Bay sa kani-kaniyang mga probinsya.

Sabi po ng Presidente, ang mga ahensiya ng gobyerno ay authorized to use all resources of government and authorized to use all modes of transportation - buses, airplanes and ships - para mapauwi na po itong 24,000 na ating mga kababayan.

Hindi po katanggap-tanggap sa Presidente na napakatagal nang na-swab ang mga OFWs at napakatagal ng paglabas ng kanilang resulta.

Inatasan po ng Presidente ang DOH na gawin ang lahat ng dapat magawa para malabas ang resulta ng mga PCR testing na nagawa na po sa ating mga kababayan. Lahat po ng OFW dapat nga po magkaroon ng PCR testing, ang sabi lang ng Pangulo siguraduhin na lumabas ng mas mabilis iyong mga resulta na iyan at lahat ng resulta at lahat OFWs dapat lumabas at makauwi sa loob ng isang linggo, itong linggong ito.

**CLAVIO:** So lahat ng ito ay kailangang may hawak po ng OWWA certificate na klaro na po sila, Secretary?

**ROQUE:** Opo, dapat po lahat sila mabigyan po ng certificate na sila po ay mayroon ng clearance dahil natapos na ang kanilang PCR testing. Hindi na po inalam ng Presidente kung bakit nagtagal ang mga resulta; ang sabi lang niya, isang linggo kinakailangan nakauwi na lahat iyan, otherwise marami pong mananagot.

**CLAVIO:** Paano po iyong pangamba ng Governor's League of the Philippines na baka makapanghawa po ang mga OFW na umuuwi sa kani-kanilang probinsya, Secretary?

**ROQUE:** Ang pag-uutos naman po ng Presidente, kinakailangan pa ring lumabas ang mga resulta ng PCR. Hindi lang niya alam kung bakit naantala; wala na po siyang pakialam kung bakit, ang importante lumabas ang mga resulta na iyan ng sa ganoon ay makauwi ang mga OFWs.

At ipinag-utos din ng Presidente na dapat palakasin ang iba't ibang PCR testing para sa darating na mga araw, pauwiin na ang mga OFWs, doon na sila magka-quarantine sa kanilang mga probinsya.

So ang sabi lang po ng Presidente, hindi na dapat maulit ito na 24,000 pa lamang ay nagkaroon na ng ganitong antala dahil inaasahan natin na mas marami pang uuwing mga kababayan natin dahil nga nawalan ng trabaho sa iba't ibang parte ng daigdig.

**CLAVIO:** Kapag nabigo pong papauwiin—eh may paparating po tayong parang 40,000. So, kapag nabigo tayo sa 24,000 eh mapauwi lahat-lahat in one week, may mananagot po ba dito, Secretary?

**ROQUE:** Lyon nga po ang sabi ng Presidente, mayroon nang mananagot dito, hindi na katanggap-tanggap iyan. Wala ng dahilan, no ifs, no but, kinakailangan ilabas ang resulta, kinakailangan mayroon nang hakbang na ginawa at talagang dapat nagbibiyahe na within one week.

**CLAVIO:** Okay. Iyong mga nagbalik na na empleyado sa trabaho last week pa ano, iyong pag-test ng mga employer, may bago bang kautusan din po ang IATF at ang Pangulo rito?

**ROQUE:** Wala pong bago 'no, hindi pa rin requirement iyan. At ang ginagawa na natin ay ang Kalihim na po ng DILG ang tumatawag sa ilang mga local governments na nagpapataw ng ganyang requirement 'no. Hindi po dapat magkaroon ng ganyang requirement, bagama't talaga pong ini-expand din natin iyong ating antibody testing, hindi lang po PCR ang ginagamit natin, mayroon na po tayong 275,000 na dumating nang rapid test na binili ng gobyerno at mayroon na rin pong kalahating milyon na binili ang pribadong sector na dapat gamitin din.

So ulitin ko po: Hindi dapat niri-require ang COVID-19 test para makabalik sa trabaho. Pero kung magbibigay ang mga employers ay encouraged po sila to do so.

**CLAVIO:** Secretary, iyong pagsali po natin sa clinical trials po ng COVID-19, naaprubahan na rin ng IATF?

**ROQUE:** Aprubado na po iyan noong huling pagpupulong noong Biyernes. At hindi lang po iyan, magtatayo pa tayo ng sarili nating center sa ilalim ng DOST para nga magkaroon tayo ng kontribusyon sa paghahanap ng bakuna o hindi naman kaya gamot dito sa COVID-19.

**CLAVIO:** Opo. After May 31, mayroon na po bang malinaw na rekomendasyon ang IATF kung ano ang mangyayari sa Metro Manila at iba pang lugar?

**ROQUE:** Wala pa naman po. Pero siyempre po ... pero siyensiya pa rin pa iyan, titingnan natin iyong tinatawag na doubling rate. At ang mabuting balita naman po ay talaga naman pong bumaba na ang doubling rate natin, mahigit-kumulang pitong araw na ang doubling rate natin

at saka titingnan pa rin natin iyong critical care capacity natin na dumadami naman po sa ngayon.

**CLAVIO:** Secretary, maraming salamat na naman sa scoop na iyan at ingat ka lagi.

**ROQUE:** Maraming salamat, Igan. Magandang umaga po.

##

--

*News and Information Bureau-Data Processing Center*